**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## II. ANG PINAGMULAN NG PRESSURES SA BUHAY NG TAO

Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin. Ang ibig sabihin nito ay may inihandang layunin o gawain ang Diyos para sa tao - ito ay ang sambahin at paglingkuran ang Diyos. Maliwanag sa isipan ng tao na ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagsasakatuparan o pagsunod sa tatlong gawain na inutos Niya sa tao: 1) Maging mabunga at magparami para punuin ang mundo, 2) Lupigin ang lupa (bungkalin at pagyamanin), at 3) Pamahalaan ang mga isda, ibon at lahat ng uri ng mga hayop.

**TIME OUT**

Paano mo mapaglilingkuran ang Diyos?

________________________________________________

________________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Exodo 20:1-17**

Ang sampong utos ng Diyos ay matatagpuan sa Exodo 20:

1. Ako ang inyong Panginoong Diyos, huwag kayong sasamba sa mga diyos-diyosan.
2. Huwag kayong gagawa ng imahen na naglalarawan ng ano mang nasa langit, nasa lupa, o nasa karagatan upang sambahin at paglingkuran.
3. Huwag ninyong gagamitin ang Aking pangalan nang walang paggalang.
4. Tandaan ninyong pakabanalin ang ikapitong araw ng linggo, ito ay araw ng Panginoon.
5. Igalang ninyo ang inyong ama at ina.
6. Huwag kayong papatay ng tao.
7. Huwag kayong mangangalunya (makikipag-sex sa hindi ninyo asawa).
8. Huwag kayong magnanakaw.
9. Huwag kayong magsisinungaling.
10. Huwag ninyong pagnasaan ang asawa o ano mang pag-aari ng inyong kapit-bahay.

1. Ano ang ika-limang utos ng Diyos?

   ______________________________________________

2. Sa paanong paraan mo hindi nasusunod ang utos na ito?

   ______________________________________________

3. Ano ang ikatlong utos ng Diyos?

   ______________________________________________

4. Sa paanong paraan mo hindi nasusunod ang utos na ito?

   ______________________________________________

5. Masasabi mo ba na hindi ka naglilingkod sa Diyos sa tuwing hindi mo isinasagawa ang Kanyang utos?

   ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Nang likhain ng Diyos ang tao, hinubog Niya itong kalarawan Niya. Ang tao ay may kalikasang makadiyos, ibig sabihin, marunong sumamba at maglingkod sa Diyos. Ngunit dahil sa kasalanan, ang kalikasang ito ay nagbago. Ang dating makadiyos ay naging makasarili. Bunga nito, hindi na ang Diyos ang pinaglilingkuran kungdi ang sarili o ang ibang bagay. Kalooban ng Diyos na tayong mga taong Kanyang nilikha ay muling isakatuparan ang kalooban Niya sa ating buhay.

Ang paglilingkod sa Diyos ay isa sa mga kalooban Niya sa ating buhay. Ang paglilingkod sa Kanya ay may kinalaman sa pagsunod sa Kanyang mga layunin at pagsunod sa Kanyang mga utos.

Bukod sa pagsasakatuparan o pagsunod sa tatlong gawain na inutos Niya sa tao: maging mabunga at magparami para punuin ang mundo, lupigin ang lupa at pamahalaan ang mga isda, ibon at lahat ng uri ng mga hayop; kalooban din Niya na sundin ang Kanyang mga utos ng may buong pagtitiwala.

Binigyan tayo ng Diyos ng mga gabay sa buhay upang tayo ay makagawa ng tama. Ang paggawa ng tama ang magbibigay sa atin ng mapayapang pamumuhay at magiiwas sa atin sa paggawa ng mali. Ito ang kalooban ng Diyos sa atin na Kanyang mga nilikha.

Gamit ang mga talata, isulat ang gabay sa buhay na itinuturo sa iyo.

| Talata | Gabay sa Buhay |
|---|---|
| Mateo 5:21-22 | |

| | |
|---|---|
| Mateo 5:33-37 | |
| Matt 5:43-48 | |

Dahil sa kasalanan, hindi na naging likas sa tao na isapamuhay ang mga layuning ito ng Diyos; hindi na rin naging natural sa tao ang maglingkod sa Diyos. Kung nais mong mapagtagumapayan ang mga pressures sa iyong buhay, kailangan mong maunawaan na ang pagsasagawa ng utos ng Diyos ang makapagdudulot sa iyo ng kaligayahan at katagumpayan sa buhay.

Ikaw ba ay mabibilang sa mga kabataang may nais na isakatuparan ang mga utos ng Diyos?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung itinuro na sa atin noong una pa man kung paano tayo mabubuhay ng maayos at mapayapa, bakit maraming kabataang gaya ninyo ang nabubuntis ng maaga, sumusuway sa magulang, nagnanakaw, sumasama sa away o gulo at nalululong sa masamang bisyo?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang paglilingkod sa Diyos ay sa pamamagitan ng: |

**Verse of the Day:**
Huwag kayong maging hangal. Sa halip, unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon.
**Efeso 5:17**